

# Walang Himala?: Pagsusuri sa mga Tala ni Pedro Chirino, SJ Tungkol sa mga Himalang Dulot ng Pagbibinyag Noong Ika-16 Hanggang Ika-17 Siglo sa Pilipinas

Miracles But Not Quite? An Analysis of Pedro Chirino, SJ's Accounts Regarding "Miraculous Baptisms" in the Philippine Islands from the 16th to 17th Century

Glenda C. Oris

Ateneo de Manila University

goris@ateneo.edu

## Abstrak

Sa akdang *Relación de las Islas Filipinas*, isinalaysay ni Pedro Chirino SJ ang mga milagrosong pagbibinyag na nakapagpagaling ng mga karamdaman ("medicinal baptism") ng mga katutubo sa pamamagitan ng hiwaga ng agua bendita. Sinusuri sa sanaysay na ito ang wika ng mga himala na ginamit ni Chirino sa kaniyang mga salaysay. Inilalahad sa sanaysay ang ilang posibleng sanhi ng paggaling ng mga karamdamang binigyang-lunas ng mga misyonerong Heswita, bukod sa tinukoy nilang kapangyarihan ng Diyos at hiwaga ng tubig. Iminumungkahi ng pag-aaral na ang integrasyon ng mga elemento ng dayuhan at katutubong pananampalataya ang nagpatibay ng paniniwala ng mga katutubo na ang kanilang mga sakit ay mabibigyang-lunas o ang kanilang resistensiya ay mapalalakas laban sa mga epidemya at malubhang sakit. Isinisiwalat din sa sanaysay ang kaalaman ng mga misyonero hinggil sa mga halamang-gamot at mga paraan ng paghahanda ng mga ito upang maging gamot para sa mga sakit ng mga katutubo. Tinatalakay rin sa sanaysay ang posibleng kaugnayan ng lubos na pagbibigay-diin ni Chirino sa mga himalang dulot ng pagbibinyag sa apela noon ng mga Heswita sa Pilipinas na itatag at kilalanin na ang bise-probinsiya ng Pilipinas ("Philippine vice-province") bilang isang hiwalay na probinsiya ng Kapisanan ni Hesus ("full-fledged province of the Society of Jesus") upang magkaroon sila ng higit na awtonomiya at kapangyarihan sa pangangasiwa ng kanilang mga lugar ng misyon sa Pilipinas.

*In Relación de las Islas Filipinas, Fr. Pedro Chirino SJ chronicles many miraculous recoveries due to "medicinal baptism" brought about by the healing powers of holy water and the efficacy of the Christian God. This essay analyses the language of miracles that Chirino employs in his accounts. This study looks into the other possible causes, aside from faith and the use of holy water, of the miraculous healings of Filipino natives that were performed by the Jesuit missionaries. This essay suggests that the syncretization of folk beliefs and customs, and Christian precepts and rituals, strengthened the natives' conviction that they will indeed be*

*healed or that their resistance to sickness will be fortified. The study also discloses the apparent knowledge of the missionaries regarding native medicinal plants and the preparation of ointments and potions that cure maladies and illnesses. Finally, the essay also discusses the possible connection between Chirino's overemphasis of miraculous baptisms and the long-standing appeal of the Jesuits in the Philippines for the establishment of the Philippine vice-province into a full-fledged province of the Society of Jesus, that will facilitate their greater autonomy and control over the management of their mission areas in the Philippines.*

## **Mga Susing-salita**

mahimalang pagbibinyag, Pedro Chirino SJ, halamang-gamot, tradisyonal na medisina, Filipiniasyon ng Katolisismong Español, Probinsiya ng mga Heswita sa Pilipinas, Ignacio Alcina SJ

*miraculous baptism, Pedro Chirino SJ, medicinal plants, traditional medicine, Filipinisation of Spanish Catholicism, Jesuit Philippine Province, Ignacio Alcina SJ*

## **Tungkol sa May-akda**

Si Glenda “Bong” C. Oris ay Assistant Professor sa Kagawaran ng Filipino, Paaralan ng Humanidades ng Pamantasang Ateneo de Manila. Awtor siya at tagasalin ng mga panitikang pambata. Interes niya ang sumusunod na larangan at paksa: panitikang pambata, heritage conservation, museum studies, at Jesuit science.

Sa kaniyang sanaysay tungkol sa pagbibinyag sa Pilipinas noong ika-16 siglo, binigyang-pansin ng historyador na si John Leddy Phelan ang mga paglalarawan sa mga ito ng mga unang misyonero. Ayon sa kaniya:

The early chroniclers recounted with particular zest many examples of ill people who made miraculous recoveries after receiving baptism and of many other cases of baptized natives who miraculously avoided catching a local epidemic. The word miracle was being used figuratively and not literally. The chroniclers knew that only the Congregation of Rites in Rome could define a miracle. ("Prebaptismal Instruction" 38)

Si Pedro Chirino, SJ ang isa sa mga misyonerong tinutukoy ni Phelan. Isa siya sa mga unang nagsalaysay at nagtala ng mga pagpupunyagi ng mga paring Heswita tungo sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo noong ika-16 siglo sa Pilipinas. Ang kaniyang aklat na pinamagatang *Relación de las Islas Filipinas* ang isa sa mga naging pangunahing sanggunian ng iba't ibang misyonero, manlalakbay, at opisyal ng pamahalaang Español na nangailangan ng gabay sa pamamaraan ng pakikitungo sa mga katutubong Pilipino. Hanggang sa kasalukuyan, ang akda pa rin ni Chirino ang isa sa mga pangunahing batayan sa pag-unawa at pagsusuri sa mga paniniwala at paraan ng pamumuhay ng mga katutubong Pilipino noong ika-16 hanggang ika-17 siglo.

Katatagpuan ang kaniyang akda ng maraming pagsasalaysay ng tinutukoy ni Phelan na mga milagrosong pagbibinyag na nakapagpagaling ng mga karamdaman o "medicinal baptism" ("Prebaptismal Instruction" 38). Ang mga milagrosong pagpapagaling na dulot ng pagbibinyag sa pamamagitan ng hiwaga ng agua bendita ang pagtutuonan ng pansin at sisiyasatin sa pag-aaral na ito.

Bunsod ng pag-unlad ng mga pag-aaral sa larangan ng agham at kalusugan nitong nakaraang tatlong dantaon, nakapagtataka at kamangha-mangha para sa kasalukuyang mananaliksik na tanging pananampalataya at agua bendita lamang ang nagsilbing gamot o lunas sa karamdaman ng mga katutubong dumulog sa mga misyonero. Hindi kaya may iba pang dahilan? Eksaherasyon o guniguni lang kaya ni Chirino ang kaniyang mga itinala?

Kung sisiyasatin ang mga dokumentong nagbibigay-impormasyon sa lahi, uri ng pamumuhay, paniniwala, at kasaysayan ng mga katutubong Pilipino, na itinala ng iba pang misyonero at manlalakbay noong ika-16 at ika-17 dantaon,<sup>1</sup> walang pinagkaiba ang mga ito sa kongklusyon ni Chirino hinggil sa sanhi ng paggaling ng mga katutubong may karamdaman. Inuwi rin ng mga ito sa pagpapala at awa ni Kristo at mahiwagang bisa ng agua bendita ang sanhi ng paggaling ng mga katutubo mula sa kanilang karamdaman at ng kanilang kaligtasan laban sa panganib ng kamatayan. Tila nga tunay na milagro ang mga "milagrong" tinutukoy ni Chirino. Subalit, kung ating susundan ang paliwanag ni Phelan na ginagamit sa paraang matalinhaga at hindi literal ang salitang milagro ("miracle"), anu-ano kaya ang ibang salik na maaaring nagdulot ng lunas at ginhawa sa mga katutubo bukod sa kapangyarihan ng Diyos at mahiwagang bisa ng tubig na banal? Kailangan at nararapat lamang na sumangguni sa ibang mga tala na hindi tahasang tumatalakay sa mga milagrong tinutukoy ni Chirino upang maunawaan ang kaligiran at mga posibleng dahilan ng paggaling ng mga katutubo.

<sup>1</sup> Tinutukoy rito ang mga bahagi ng mga akda na: *Labor Evangélica* ni Francisco Colin, *Sucesos de las Islas Filipinas* ni Antonio de Morga, *The Natives of the Southern Islands* ni Francisco Combes, *Letter on the Filipinos* ni Gaspar de San Agustín, at *The Native Peoples and their Custom* ni Juan Francisco de San Antonio.

Nilalayan ng papel na ito na ilahad sa mga mambabasa ang ilang mga posibleng sanhi ng paggaling ng mga karamdaman ng mga katutubong binigyang-lunas ng mga misyonerong Heswita, bukod sa kapangyarihan ng Diyos at hiwaga ng tubig. Hindi minamaliit at itinatatwa ng pag-aaral na ito ang katotohanan ng mga hiwaga o milagro. Gayundin naman, hindi nito pinawawalang-halaga ang kapangyarihan ng Diyos ng mga Kristiyano. Tinatangka lamang ng pag-aaral na ito na magbigay ng iba pang mga tala hinggil sa kontekstong ginalawan ni Chirino noon—kontekstong humubog sa kaniyang paraan ng pagtingin at pag-uulat sa mga pangyayari sa kaniyang paligid.

Nahahati ang papel na ito sa apat na bahagi. Ilalahad sa unang bahagi ang ilang piling salaysay ni Chirino na naglalarawan ng mahiwagang pagpapagaling ng Diyos at milagrosong bisa ng tubig na banal. Nilalayan ng bahaging ito na ipakita sa mambabasa ang pormulang ginagamit ni Chirino sa paglalahad ng mga kuwento ng pagbabagong-loob ng mga katutubo sa samot-saring sitio na itinakdang pangasiwaan ng mga Heswita. Dalawa ang daloy o estruktura ng paglalahad ni Chirino: inilalarawan niya (1) ang kagyat na pagyakap ng mga katutubo sa Kristiyanismo matapos ang milagrosong paggaling nila mula sa malubhang sakit, o (2) ang pagdulog ng mga maysakit sa mga prayle bunsod ng marubdob na paniniwala sa Diyos ng mga Kristiyano at ng maalab na paghahangad na mabinyagan sa pamamagitan ng agua bendita, at bunga ng binyag, ang mahiwagang paggaling ng katutubo.

Tatalakayin sa ikalawang bahagi ng papel ang isa sa mga posibleng sanhi ng paggaling ng mga maysakit at nag-aagaw-buhay na maaaring siyang sanhi rin ng pagbabagong-loob at pagbabagong-pananampalataya ng mga katutubo. Nakatuon ang paliwanag sa integrasyon ng mga elemento ng dayuhang pananampalataya (Kristiyanismo/Katolisismo) at ng katutubong pananampalataya. “Philippinization of Spanish Catholicism” ang itinawag ni Phelan sa penomenong ito (*Hispanization of the Philippines* 72-89). Sa bahaging ito, imumungkahi na yaong pagsasanib at pagsasalikop ng mga elementong katutubo at dayuhan ang nagpatibay ng paniniwala ng mga katutubo na mabibigyang-lunas ang kanilang mga karamdaman o titibay ang kanilang resistensiya laban sa mga epidemya at malubhang sakit.

Ilalahad sa ikatlong bahagi ang kaalamang taglay ng mga misyonero hinggil sa mga halamang-gamot at sa mga paraan ng paghahanda ng mga ito upang maging gamot at lunas sa mga sakit ng mga katutubo. Nakabatay sa mga tala nina Francisco Ignacio Alcina at Horacio de la Costa ang pagsusuring gagawin sa bahaging ito. Batay sa mga tala, maaaring hindi lamang agua bendita at kapangyarihan ni Kristo ang panlaban o panlunas ng mga misyonero sa mga sakit ng mga katutubo.

Nakatuon naman ang ikaapat na bahagi sa pagsisiyasat ng mga posibleng motibasyon ni Chirino sa pagbibigay-diin sa mga milagro sa kaniyang mga salaysay at ulat. Ang mga motibasyong ito ang maaari ring nag-udyok sa kaniya upang huwag nang banggitin ang ilan sa mga sanhi o salik na nagbigay-buhay muli o ginhawa sa lupaypay na katawan ng mga katutubo sa lalong madaling panahon. Bukod sa pagbanggit sa lantad o hayag na diwang misyonero na taglay ni Chirino at ang taglay niyang lente bilang isang alagad ng Diyos, na siyang lagi at lagi niyang ginagamit sa pagtingin, pag-unawa, at pagsasalaysay ng kaniyang mga nararanasan, tatalakayin din sa bahaging ito ang mga hamon at kahirapang kinaharap ng mga Heswita sa kanilang pamamahala sa kanilang mga sitio ng mga misyong relihiyoso. Ilalahad sa huling bahagi ng sanaysay na ito ang matagal nang pagsamo ng mga

Heswita sa Pilipinas kay Padre Heneral Claudio Aquaviva, pinakamataas na opisyal ng orden ng Kapisanan ni Hesus, na bigyang-awtonomiya ang bise-probinsiya ng Pilipinas (“Philippine vice-province”) sa pamamagitan ng pagtatatag at pagkilala nito bilang isang hiwalay na probinsiya (“full-fledged province of the Society of Jesus”), na hindi nakasandig o nakasalalay sa probinsiya ng mga Heswita sa Mexico.

Batay sa paghahating inilarawan, tatalakayin kung gayon, sa ikalawa hanggang ikatlong na bahagi ng papel na ito ang ilang posibleng dahilan kung bakit kagyat na gumaling ang mga maysakit sa ilalim ng pag-aaruga ng mga Heswita. Minimithi ng papel na ito na masuri at higit na maunawaan ang “wika ng mga milagro at hiwaga” na ginagamit ni Chirino sa kaniyang mga salaysay. Isang maikling paglalagom at kongklusyon ang nakahanda sa katapusan ng papel na ito.

## Mga Tala ni Chirino

Taong 1557 noong ipinanganak si Padre Chirino. Dumating siya sa Maynila noong 1590. Isinulat niya ang *Relación de las Islas Filipinas e de lo que en ellas an trabaiado los padres de la Compañía de Jesús* noong 1603, isang taon bago ito inilathala sa Roma.

Kinilala at patúloy na kinikilala ang *Relación* bilang napakahalagang dokumentong nagsasalaysay ng mga unang pakikipagtagpo ng mga paring Heswita sa mga katutubong Pilipino. Inilalahad sa *Relación* ang samot-saring impormasyon hinggil sa mga isla sa Pilipinas at sa mga naninirahan sa mga lupaing ito sa konteksto ng mga gawaing misyonero ng mga Heswita mula taong 1581 hanggang 1603 (Javellana 419, 435).

Naglingkod si Chirino sa mga sitio ng mga misyon ng mga Heswita sa Balayan at Taytay sa Luzon at sa Tigbauan sa Panay. Itinatag niya sa Carigara ang unang misyon ng mga Heswita sa Leyte. Inatasan din siyang maglingkod sa paaralang pinamahalaan ng mga Heswita sa Cebu, at nagkaroon din siya ng maraming pagkakataon upang bumisita at makihalubilo sa mga katutubo sa Mindoro, Marinduque, Samar, Bohol, at Mindanao (Echevarria vii).

Makatutulong sa mambabasa ang magkaroon ng pagsulyap sa mga tala ni Chirino kaya’t tulad nang nabanggit, ilalahad sa bahaging ito ang ilang piling sipi mula sa *Relación*. Halaw sa kabanatang pinamagatang “Of What Father Juan de Torres and Father Gabriel Sanchez did in the Island of Bohol” ang sumusunod na sipi:

These people were ravaged by a plague that following pains in the head and stomach caused death and that was depopulating whole towns on this islands. But our Christians in their guileless faith took to drinking holy water for medicine, and so protecting themselves not one of them died. In connection with this an incident occurred that I shall now relate.

One pagan woman was so wasted away by this disease that she was not expected to last the night. They called the priest, and explaining to him her grave condition pleaded with him to baptize her. This might not have seemed to the priest to be a matter for such urgency, or else he might not have thought her adequately prepared for holy baptism, for he decided after reciting to her something from the catechism that he deemed appropriate to the occasion to wait until morning. Meanwhile, in the hope that he might be able to cure also her physical ailment, he asked her if holy water could by the power of God cure the sick. She answered in the affirmative, whereupon he gave her a little

of it to drink, and so left her. The next morning they came to inform him that she was fully recovered, after she had been given up for lost. (333)

Kapansin-pansin na binibigyang-diin sa pagsasalaysay at paglalarawan ang paniniwala ng bagong-Kristiyanong katutubo na may kapangyarihan ang marubdob na pananampalataya at ang agua bendita na magbigay-lunas sa mga karamdaman at magbigay-proteksiyon sa mga nananampalataya laban sa pagkakasakit.

Ang mahiwagang paggaling ng mga katutubo dulot ng pagbabasbas sa pamamagitan ng agua bendita na itinutumbas ng mga katutubo sa konsepto at terminong “binyag” ang pangunahaing paksa naman sa kabanatang pinamagatang “Of the Good Conduct of the Christians of Butuan.” Narito ang isang sipi:

There was one Indian who being afflicted with a severe illness asked to be baptized. A priest was called in, but the disease was so far advanced that when he arrived he found the whole household greatly agitated and mourning the man's impending death. When the priest saw that the man could not talk and was almost in a coma, and learned that he had asked for Baptism himself and was one of those who frequented the church, he asked for water with which to baptize him and speaking in a loud voice urged him to try to pronounce the word 'Jesus.' It was as if the sound of this most sweet name brought the man back into consciousness, for with an effort he was able to pronounce the word. Almost immediately he fully recovered his voice and answered the questions of the catechism, to the amazement of everyone present. He received holy Baptism, and shortly after Our Lord gave him back his health. His parents, who were pagans, were astonished by what had transpired, and could only attribute his cure to the power of the holy name of Jesus and of holy Baptism. (388)

Paulit-ulit na binibigyang-diin ni Chirino sakaniyang mga salaysay ang makapangyarihan at kamangha-manghang bisa ng magkatuwang na puwersa ng pananampalataya at hiwaga ng agua bendita, na milagrosong nagbibigay-lunas sa anumang pisikal na karamdaman.

Mula naman sa kabanatang pinamagatang “Of Some Notable Cases that Occurred in the City of the Most Holy Name of Jesus” ang sumusunod na sipi. Binibigyang-diin dito ang kagyat na pagyakap ng mga katutubo sa Kristiyanismo matapos nilang sumailalim sa milagrosong paghihilom o paggaling mula sa karamdaman:

In the city of the Most Holy Name of Jesus a Moluccan Indian, the slave of a Spaniard, although he had been a Christian for many years, was not living according to his faith. His masters could not succeed in persuading him to go to confession and fulfil his Christian duties, for he showed himself at all times most recalcitrant and obstinate. One day he fell sick. It seemed nothing serious, only a slight fever for three or four days, but then suddenly he lost his power of speech and appeared to be on the verge of death. They tried to give him some food and something to drink, but he could take nothing that they gave him, and finally he fell into a state of unconsciousness. They then took from our house some holy water to give him and dropped a little of it on his face, and the few drops that fell on his lips he began to lick with his tongue, as if he liked the taste. They poured down a little more towards his mouth and as it trickled down he opened his mouth and drank it. Almost immediately he regained his consciousness. He later said that he had felt as if someone had had him by the throat and was choking him, which was the reason why

he could not speak. The holy water he had drunk had apparently freed him from that stranglehold. He now listened willingly to everything he was told concerning his salvation and having been duly instructed made a general confession of his entire life. And Our Lord was soon pleased to give him back the health of his body, just as He had first deigned to give him that of his soul.

(380-381)

Kung paniniwalaan ang mga salaysay ni Chirino tungkol sa mga milagrong karanasan nila at ng mga katutubo, mabubuo sa isipan ng sinumang mambabasa ang larawan ng mga Diyos ng mga Kristiyano bilang Diyos na walang humpay sa kaniyang paglikha ng mga hiwaga at walang patid na nagpapahatid ng kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagbibigay-lunas sa napakarami at napakalawak na saklaw ng mga uri ng karamdaman. Subalit maaari kayang ipinahahatid din ng Diyos ng mga Kristiyano ang kaniyang kapangyarihan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng talino ng mga misyonero na umuunawa at nagsasakatuparan ng iba't ibang paraan, proseso, at estratehiya upang gamutin ang mga karamdaman at pigilan ang paglaganap ng mga sakit? Sa kabila ng pagkakaroon ng napakaraming detalye sa mga tala ni Chirino, hindi mahihiwatigan sa mga ito ang iba pang posibleng dahilan ng paggaling ng mga katutubo o ng pagliligtas sa kanila sa bingit ng kamatayan. Dahil dito, kinailangang bumaling ang mananaliksik sa ibang mga tala at/o sanggunian.

## Katutubong Paniniwala at Gawi

Sa pag-aaral ni Saliba James sa dalawang sistema ng medisina—yaong sistema ng mga katutubong Pilipino at sistema ng mga Español, hinihiram niya ang mga ideya ni Phelan hinggil sa Pilipinisasyon ng Katolisismo (“Philippinization of Catholicism”). Ayon sa kaniya, mahalaga ang konseptong ito sa pag-unawa sa mga katutubong konsepto at interpretasyon ng “sakit/karamdaman” (“sickness/illness”) at “paghilom/paggaling” (“healing/recovery”). Nagkakasundo ang mga pag-aaral nina James at Phelan sa pagbibigay-diin sa “Pilipinisasyong” naganap bilang napakahalagang salik sa pag-unawa ng mga katutubong pananaw at interpretasyon hinggil sa katawan at karamdaman, at kung paano mabibigyang-lunas ang sakit sa liwanag ng pananampalataya o relihiyon. Ayon kay James:

the Spaniards themselves demonstrated an ability to absorb indigenous mores which did not brazenly conflict with the basic precepts of Spanish Catholic morality. The unforeseen result from the Spanish point of view, was the “Filipinisation” of Spanish Catholicism. This consisted of selective stressing and de-emphasizing of certain features of Spanish Catholicism, and a corresponding retention and injection of indigenous social beliefs and practices into it. This hybridisation of Spanish Catholicism and indigenous social beliefs, also exemplified in the ideas of health, was facilitated by the striking similarities between the two systems. (126)

Sa kaniyang pag-aaral, nililinaw ni James na mayroon nang samot-saring teorya hinggil sa medisina ang mga katutubong Pilipino bago pa man dumating ang mga mananakop na Español. Taglay ng mga katutubo ang iba't ibang interpretasyon at paliwanag sa mga sakit at karamdaman. Ayon kay James, ang pagkakaiba ng mga interpretasyon ay nababatay sa mga pagkakaibang etnolingguwistiko, at nakahalo na rin sa mga teoryang pinanghahawakan ng mga katutubo ang impluwensiya ng mga dayuhan. Gayunpaman,

tinukoy niya ang ilang katangiang pinagsasaluhan ng mga intepretasyon at teorya hinggil sa medisina ng mga katutubong Austronesian o Malayo-Polynesian. Narito ang kaniyang paliwanag:

The key component of Austronesian idea of medicine in general was a pervasive concept of a dichotomous world where the material and non-material components actively affected and influenced one another. Related to this is a cosmological view, in which no active omnipotent and omnipresent God played a role. Rather, a universe of spiritual entities and a plethora of spirits and gods and goddesses pre-dominated. In this world view, man was composed of three distinct elements: a *katawan* (i.e., physical body and material being); *ginhawa* (i.e., life-force, that animates the physical body and related to feeling of well-being); and *kaluluwa* (i.e., soul, which is a distillation of man's intellectual and moral power, the essence of his consciousness). Health and illness in indigenous Filipino society was, therefore, conceived of at three levels all related to the *katawan*, *ginhawa*, and *kaluluwa*. (127)

Batay sa mga katangiang binanggit, nililinaw ni James na yaong mga karamdaman ng katawan ay karamdaman ng pisikal na katawan. Ang mga karamdaman ng ginhawa ay hindi nagpapahiwatig sa pisikal na paraan. Sapagkat hindi natitiyak sa anyo o hitsura ng pangangatawan ang sanhi ng karamdaman ng ginhawa, sinisiyasat at tinitiyak ito sa pamamagitan ng mistikal at esoterikong pamamaraan. Gayundin naman, ang mga karamdaman ng kaluluwa ay naipaliliwanag sa pamamagitan ng mga hindi-nakikita at esoterikong konsepto lamang. Kaya naman, humahantong si James sa sumusunod na kongklusyon hinggil sa pamamaraan ng pagtukoy at pagkilala (“diagnosis”) at pagbibigay-lunas (“treatment”) batay sa katutubong sistema ng medisina: “diagnosis of such *ginhawa* and *kaluluwa* illnesses consisted of identification of the mortal or spirits behind such disease. Treatment was, therefore, interventionist, involving appeasement of the aggressive spirit by the ‘babaylans’ or ‘katalonans’” (127).

Kay daling makita ang mga pagkakapareho ng katutubong konsepto ng medisina at ng konsepto ng “milagrosong pagbibinyag” na hatid ng mga misyonero sa mga katutubo. Una, binigyang-diin ng mga paring tulad ni Chirino na ang paniniwala sa Diyos ng mga Kristiyano/Katoliko—na isang mabuti at makapangyarihang espiritu, ay makapagpapagaling sa mga karamdaman. Walang pinag-iba ito sa paniniwala ng mga katutubo sa mga diyos o espiritu na may kakayahang panatilihin at pangalagaan ang kalusugan ng mga naniniwala. Ikalawa, tinukoy ng mga pari ang paganismo bilang masamang espiritu (“evil”) na nagdudulot ng mga karamdaman sa ginhawa at kaluluwa na lumilikha naman ng pinsala o panghihina sa pisikal na katawan. Ikatlo, dahil nakatuon ang kaluluwa sa kakayahang intelektuwal at moral ng tao, anumang pagbabago ng kaisipan ay tumatalab at nagkakabisa sa katawan. Kaya nga, sa pamamagitan ng pagtatwa sa pamumuhay-pagano (espiritung mapanira at masama) sa nibel ng kaluluwa, napalalakas ang ginhawa, ang bukal ng puwersang bumubuhay sa katawan, at humahantong ito sa paghilom ng pisikal na katawan. Ikaapat, para sa lubos na paghilom at epektibong pagbibigay-lunas, kinakailangan ng mga tagapamagitan—mga babaylan at katalonan. Sa estruktura ng pananampalatayang Kristiyano/Katoliko, nagsisilbing tagapamagitan ang mga pari. Dahil sa mga pagkakatulad na nabanggit, madaling nagkaroon ng integrasyon ang bagong pananampalataya at gawi, at ang luma o katutubong pananampalataya at gawi. Bunga ng pagsasalikop ng mga elementong nabanggit, malaki ang posibilidad na lumikha ito ng “placebo effect” sa kamalayan ng mga katutubo. *Placebo effect* ang tawag



ng mga sikologo at doktor sa penomenon ng tila mahiwagang pisikal na paggaling ng mga maysakit o pasyente bunga ng masidhing paniniwala sa lunas at ginawang maidudulot ng makapangyarihang puwersang pinaniniwalaan ng maysakit.

Sa pagsusuri ni Phelan sa pagbibinyag, binabanggit niya ang pagpapalit o paghahali (“substitution”) ng mga bagong ritwal ng bagong pananampalataya sa mga luma at katutubong ritwal. Ayon sa kaniya, isa itong estratehiya na ginamit ng mga misyonero nang buong pagmamalay at pag-unawa sa bisa nito, kaya naman naging matagumpay sila sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Ganito ang kaniyang paliwanag:

... the Filipinos... had come to believe that baptism was efficacious both spiritually as well as corporally.

Whenever possible the friars sought to provide a Christian substitute for a pagan ritual. In order to counteract the pagan ceremonial that the *babaylans* used to perform for those who were ill, the Jesuits in their Visayan missions developed a Christian ceremony in which the sick person reaffirmed his repudiation of paganism and made the sign of the cross. The priest blessed the patient with holy water, and in a short prayer he asked God for a speedy restoration of the sick person's health.

... During an epidemic many parents brought their babies to the baptismal font, for the natives generally considered that the sacrament would provide a supernatural immunity against illnesses. (“Prebaptismal Instruction” 38-39)

Bukod sa pagbibigay-diin sa paniniwala sa mabuti at masamang espiritu na nagkakabisa sa kabuoan ng pagkatao, at ang pangangailangan sa mga tagapamagitan na magpapanatili ng kalusugan, tinatalakay rin ni Phelan sa kaniyang pagpapaliwanag sa Pilipinisasyon ng Katolisismo ang kahiligan ng mga katutubong Pilipino sa paliligo at ang kanilang paniniwala sa kapangyarihan nitong magpagaling sa mga karamdaman. Ayon kay Phelan, “Accustomed to water since infancy, the Filipinos did, however, take enthusiastically to another aspect of Catholicism, that is, the use of holy water. Their faith in its efficacy was almost boundless, and their demand for it was insatiable” (*Hispanization of the Philippines* 75). Sa ibang bahagi ng kaniyang pagsusuri, binabanggit ni Phelan ang pagkahumaling ng mga katutubo sa akto ng pagbibinyag na itinutumbas nila sa pagbabasbas sa pamamagitan ng tubig. Ayon sa kaniya, malaki ang naitulong ng pagkahumaling na ito sa pagtanggap ng mga katutubo sa bagong relihiyon. Wika niya:

A substantial aid to the early missionaries in removing the barrier of distrust was the impression which rapidly gained currency among the Filipinos that baptism not only wiped away the sins of the soul but also helped to cure the ailments of the body. The ecclesiastical chroniclers are full of accounts of ill people who made “miraculous” recoveries after receiving baptism and cases of converts who “miraculously” avoided catching a local epidemic. Since their pagan cults had stressed the cures of illness, the popular conviction that baptism was corporeally efficacious did much to attract the Filipinos to the new religion. (*Hispanization of the Philippines* 55)

Kay rami ring tala ng mga dayuhan ang nagpapatotoo sa kahiligan ng mga Pilipino sa paliligo nang madalas. Sa *Relación*, iniukol ni Chirino ang isang buong kabanata sa paglalarawan at pagtalakay sa hilig ng mga katutubong Pilipino sa paliligo. Hindi lamang niya inilalarawan ang kanilang paraan ng paliligo, inilalahad din niya ang kanilang paliligo para sa mga layuning medisinal o medikal. Ayon sa kaniya:

They also take baths for medicinal purposes, for which God our Lord has given them a number of hot springs. During these past few years those of Bay, on the shores of the lake of the same name, have become very popular, and many Spaniards, men and women, ecclesiastics and religious, suffering from various illnesses have had recourse to them and have recovered their health. (258-259)

Itinala rin ng ilang mananalaysay tulad nina Francisco Colin, Antonio de Morga, at Pigafetta ang kalinisan ng mga katutubo at ang kanilang paniniwala na hindi lamang napananatili ng paliligo ang kalinisan, nililintang din nito ang ibayong lakas at kalusugan. Kataka-taka at kakaiba man ito sa pananaw ng mga dayuhang misyonero at opisyal ng kolonyal na pamahalaan, mahihinuha na ang pananaw na ito hinggil sa tubig at paliligo ang posibleng nagpadali sa mga katutubo na paniwalaan ang hiwagang dulot ng pagbibinyag at agua bendita sa pagpapagaling ng mga sakit at karamdaman. Dahil sa katutubong paniniwala sa kapangyarihan ng tubig, naging madali para sa mga katutubo ang paglapit sa mga pari at paghiling sa kanila na binyagan sila o basbasan ng banal na tubig upang bumuti ang kanilang pakiramdam at mabigyang-lunas ang kanilang mga sakit.

Masasabi ring dahil sa kamalayan ng mga misyonero sa kultura ng mga katutubo at ang kanilang maingat at mulat na pakikiangkop sa mga kagawiang katutubo upang ipakilala ang pananampalatayang Katoliko, kay daling naisulong ang paniniwala sa milagrosong paggaling ng mga maysakit sa pamamagitan ng binyag at banal na tubig. Batay sa mga tala ng historyador na si Horacio de la Costa, SJ, mulat ang mga misyonerong Heswita, kabilang si Chirino, sa paniniwala at kultura ng mga katutubo. Ayon kay de la Costa, ginamit ng mga misyonero ang nasabing kaalaman at mga impormasyon upang higit na epektibong maipalaganap ang Kristiyanismo at makalikha ng higit na mabisang talab sa pamumuhay ng mga katutubo at sa kanilang paninindigang relihiyoso. Ayon kay de la Costa:

Like all primitive religions that of the Tagalogs was closely interwoven with their culture and traditions. It governed not only ritual and sacrifice, fast and festival, but almost the entire life of the individual and the community... In a primitive culture religion touches everything; there is nothing completely profane.

The missionary methods adopted by the Philippine Jesuits were shaped by this fact. Ricci began his apostolate among the Chinese by discussing philosophy with scholar officials. Chirino began his among the Tagalogs by instructing children. In either case the objective was the same: to find the logical point of insertion which Christianity could permeate the culture. (140)

## Paggamit ng Halamang-Gamot

Sa pag-aaral ni Phelan sa mga binyag na nagdudulot ng lunas sa karamdaman, binabanggit niya ang isang interesanteng impormasyon na hindi karaniwang binabanggit ng mga nagsasalaysay at naglalarawan sa mga binyagan. Binanggit ni Phelan ang paggamit ng mga pari ng mga halamang-gamot upang gamutin ang sakit ng mga katutubo. Dahil dito, ipinakikilala rin ni Phelan ang isa pang mahalagang papel na ginampanan ng mga misyonero sa Pilipinas—ang pagiging doktor nila para sa mga katutubo. Ayon kay Phelan:

Another aspect of medicinal baptism was that in case of illness or an epidemic the local friar was the only person competent to serve as a physician.

In some cases the friars were skillful with herbs. The cures that they sometimes performed obviously enhanced the prestige of the new religion. In this regard the nursing activities of the Franciscans were an outstanding achievement. (“Prebaptismal Instruction” 39)

Batay rito, posible nga kayang nakakubli sa pagitan ng mga pahayag ni Chirino tungkol sa milagrosong pagpapagaling ang ilang pamamaraang medikal na ginamit ng mga pari upang malunasan ang karamdaman at maibsan ang sakit ng mga katutubo? Kinailangang saliksikin ang iba pang dokumento hinggil sa mga pamamaraang medikal na ginamit ng mga pari sa konteksto ng kanilang misyong relihiyoso. Dalawa sa mahahalagang dokumento na kakikitaan ng patunay na hinahanap ang mga akda ni Francisco Ignacio Alcina at Padre Horacio de la Costa.

Sa mga salaysay ni de la Costa hinggil sa mga gawain ng mga paring Heswita sa pagtatatag ng misyon sa Palo, Leyte, binabanggit niya ang isang tinawag niyang “Spanish-Jesuit herb doctor.” Narito ang kaniyang pahayag:

The mission of Palo was founded in October 1596 by Fathers Encinas and Jimenez. ... When he had learned enough Visayan to make himself understood, Jimenez started on a tour of his mission. The people were suspicious, probably thinking he was another tax collector, and few doors opened to him. Then he learned that there were many sick in the villages, and this gave him an idea. He put himself to school with the best herb doctors he could find. These Palo herb doctors were not mere quacks. Doubtless by trial and error they had found some effective remedies for common diseases. Their fees were high. If they cured a person of an ordinarily fatal illness they charged him his worth as a slave, or his ransom if captured... They charged comparable fees for instructing anyone in their craft. Jimenez paid cheerfully because it was worth it. After his first few cures, he had an entry everywhere. Here, the people said, was a Spanish herb doctor who charged nothing. He baptized only a few, and those mostly infants, but he made friends. (160-161)

Mahalaga ang sipi sa itaas sapagkat itinatatag nito ang isa sa mga naging aspekto ng mga gawain ng mga misyonero sa Pilipinas—ang pagiging doktor ng mga pari. Higit na marami ang mga tala ni Alcina tungkol sa gawaing ito kaya sa kaniyang mga akda babaling ang sumusunod na talakayan.

Kabilang si Alcina sa mga sumunod na pangkat na misyonerong Heswita sa Pilipinas. Dumating siya sa Pilipinas noong Mayo 1632. Sa panahong iyon, naitatag na ang mga misyon ng mga Heswita sa mga rehiyon ng mga Tagalog at mga Bisaya. Ayon sa kaniya, ang kaniyang akdang *Historia de las islas e indios de bisayas . . . 1668* ay isinulat bilang “natural history” alinsunod sa tradisyon ng klasikal na manunulat na si Pliny the Elder. Ang unang bahagi ng *Historia* ni Alcina ay naglalarawan ng mga bagay na kaniyang narinig, nakita, nahawakan at naranasan sa kaniyang higit tatlung taon na paglilingkod sa misyon sa Bisaya. Bukod sa kaniyang mga obserbasyon hinggil sa kultura ng mga katutubo, kalakip din sa kaniyang mga tala ang mga impormasyon hinggil sa mga halaman at hayop, na sinasamahan niya ng mga pagmumuning teolohikal at pilosopikal. Ang ikalawang bahagi ng kaniyang akda ay hindi nanatiling buo, at isinasalaysay nito ang kasaysayan ng mga misyon sa Bisaya (Javellana 423). Para sa layunin ng papel na ito at dahil na rin sa kawalan pa ng pagsasalina sa Ingles ng ikalawang bahagi ng akda ni Alcina, tanging ang unang bahagi ng akda ang sinuri ng kasalukuyang mananaliksik.

Sa dinami-rami ng mga kabanata sa akda ni Alcina, dalawang kabanata ang nakapagbibigay ng malinaw na ilustrasyon ng kaalaman ng mga paring Heswita hinggil sa mga katutubong halamang-gamot. Ang mga kabanatang ito ay pinamagatang “Concerning the Many Poisonous Trees, Shrubs, Roots and Herbs that there are in these Islands and About their Antidotes” at “A Brief Summary of the Best Known Medicinal Roots, Leaves and Plants, Etc.” Halaw sa mga kabanatang ito ang sumusunod na pahayag:

It is not my intention to do a treatise on these plants which we call *tambales* over here. This would be a lengthy matter and could be extended greatly. I refer to some manuscript treatises found here, and there are some who might confuse or mix up the herbs here with these medicinal plants discussed by Dioscorides, Laguna and others...

I shall make a brief catalogue and summary of the roots here which either my experience, which is the best teacher, or the information from the natives most expert in them have told me. These natives have given me reason to believe that the herbs will be useful to those who live here by evaluating them and taking advantage of their benefits...

I wish to commence with a tree called *anonang* among the Bisayans and the Tagalogs. However, in Ibabao or Palapag they call it *avili*. Its properties I discovered through experience to be the following. Even though they were described to me by a native “*herbolario*” I did not believe him but, with its use, I found it to be the truth.

It is a fact that many times sick people are brought to us at the church, or we are called to the village when they cannot be moved without danger, so that we may hear their confessions. Whether because of the shaky road, or the seriousness of their illness, they arrive sometimes unconscious, or as if out of their minds. They neither speak nor answer properly, a matter which hinders the possibility of hearing their confessions.

In these circumstances then, they cut the bark of this tree, which is very easy to secure and grows on every twig. They call it *avili*, which means to say “that it has an affinity with the ground.” Taking the portion which faces east they mash it or squeeze it out, giving the juice to the unconscious person, even though it may be necessary to open his mouth by force. As soon as it gets to the stomach, he opens his eyes and revives so that he may be confessed and is capable of receiving the sacraments.

I have tried it very many times and with this knowledge I have helped many who would have died without confession, except for the efficacy of this juice. (553-555)

Batay sa paliwanag at paglalarawang ito, ipinahihiwatig ni Alcina ang ilang mahalagang bagay hinggil sa mga gawaing medikal ng mga misyonero sa Pilipinas. Una, kinikilala at tinitiyak niya ang pagkakaroon ng mga dokumentong nasusulat hinggil sa mga halamang-gamot na ginagamit sa pagpapagaling ng mga maysakit. Bukod dito, ipinahihiwatig din niya na ibinabahagi ito ng mga Heswita sa mga kapwa-Heswita na nasa ibang bahagi ng kapuluan. Ikalawa, kinikilala at tinitiyak din niya ang pagkakaroon ng mga katutubong manggagamot na bihasa sa paggamit ng halamang-gamot sa kanilang panggagamot. Nagmula sa mga manggagamot na ito ang mga kaalaman ng mga Heswita sa mga halamang-gamot—pangalan ng halaman, bahagi ng halaman na nakagagamot, paraan ng paghahanda at pagbibigay sa maysakit, at proseso ng paggaling ng mga maysakit. Ikatlo,

tinitiyak din ni Alcina na maraming beses na siyang nakaranas ng pagbibigay-lunas sa mga may karamdaman at nag-aagaw-buhay, sa pamamagitan ng paggamit ng halamang-gamot. Kaakibat nito, inaamin niya na kung hindi dahil sa bisa ng mga halamang-gamot, marami na marahil sa mga katutubo ang sumakabilang-buhay. Maaaring mahinuha sa huling bahagi ng pahayag ni Alcina na kahit pa kinikilalang may bisa ang agua bendita sa pagpapagaling ng maysakit, kailangan pa rin ng tulong mula sa mga halamang-gamot upang mabigyang-lunas ang sakit ng mga katutubo.

Hindi na ilalahad sa papel na ito ang lahat ng nilalaman ng dalawang kabanata mula sa *Historia* na tinukoy sa itaas subalit marapat lamang na banggitin na komprehensibo; detalyado; madaling maunawaan; at praktikal ang paglalarawan, pagkakatalogo, at paglalagom ni Alcina sa mga halamang-gamot. Inililista niya ang higit sa dalawampung halamang-gamot na hinihiwa, tinatadtad, dinudurog, at inihahalo sa ibang halaman upang magpagaling sa samot-saring karamdaman (533-573). Pinagtutuonan ng pansin ng kasalukuyang pag-aaral ang pag-amin ng mga misyonerong Heswita sa kanilang paggamit ng mga halamang-gamot sa kanilang panggamot. Ang mga pag-amin na ito ay nagkakaroon ng dalawang gamit: (1) tinitiyak ng mga ito ang tunay na paggaling ng mga maysakit na katutubo na pumunta o dinala sa mga misyonero upang gamutin, at (2) posibleng ang milagrosong paghilom ng mga maysakit na binabanggit ni Chirino ay hindi lamang dulot ng kapangyarihan ng Diyos at hiwaga ng banal na tubig, kung hindi, bunga rin ng agham ng mga halamang-gamot at ang kaalamang-medikal ng mga pari at katutubong manggamot.

Upang mabigyang-diin sa mga mambabasa na tunay ngang gumamit ng mga halamang-gamot ang mga Heswita, at hindi lamang si Alcina, narito ang isa pang sipi mula sa *Historia*:

For this and other reasons we Fathers have provided ourselves always with an oil compound of the antidotes which are a definitely efficacious remedy. It is made with coconut oil and with various roots which are known to be antidotes. It is so effective that drinking a little of it brings an immediate change...

Through Divine Providence, there are very few who die having this oil, so that it is the recourse not only of the natives and Spaniards who live among us here, but also of those in the cities like Manila, Cavite, Cebu and others.

The Society has arranged for and provided a quantity of this against all kinds of venomous poisons, disease laden airs and other contagions...

As a conclusion, I shall indicate here the efficacy of another curative oil which, because it is remarkable, I do not pass over in silence. It is made of a certain shrub... *paliaran* among the Bisayans and *macabuhay* among the Tagalog people. This oil is made by soaking the trunk and roots of this health-giving plant. It not only expels all kinds of poison, but if a small bottle of it is placed in the area where someone is coming who is carrying poisonous roots, the oil begins to boil and to dance, giving notice of the evil thing. (542-543)

Malinaw sa pahayag ni Alcina na hindi nanatiling lihim ng ilang Heswita lamang ang kaalaman hinggil sa mga halamang-gamot. Sa katunayan, ang mayaman na kaalaman tungkol sa mga ito ay ibinahagi at ipinalaganap sa mga relihiyoso at sa mga katutubo. Kaya naman, sinisikap buksan ng pag-aaral na ito ang usapin hinggil sa posibilidad ng paggamit ng mga misyonero ng mga halamang-gamot sa mga katutubong maysakit. Ang pagbuti

o paggaling ng mga katutubo ang posibleng humikayat sa kanila upang magpabinyag upang mapanatiling mabuti ang kanilang pakiramdam. Maaari ring batay sa testimoniya ng ibang gumaling, nagpabinyag ang mga katutubong maysakit upang sila’y malapatan ng lunas na hindi lamang hatid ng agua bendita kundi ng iba pang langis o katas ng mga halamang-gamot na inihanda ng mga pari.

## Probinsiya ng Kapisanan ni Hesus sa Pilipinas

Matapos ang mga talakayan sa itaas na naghain ng ibang posibilidad ng interpretasyon sa mga milagrosong pagbibinyag, lohikal lamang na itanong sa puntong ito kung ano kaya ang mga posibleng dahilan naman ng hindi paglalahad ni Chirino ng mga posibleng samot-saring salik na nagbigay-daan sa pagpapagaling sa mga sakit ng mga katutubo. Bakit kaya hindi niya binanggit ang mga salik na ito, bagkus, iniuwi lamang ang lahat sa kapangyarihan ng maawaing Diyos at hiwaga ng banal na tubig?

Ilang mga paliwanag ang maaaring ihain. Una, kinikilala si Chirino bilang unang Heswita sa Pilipinas na nagsilbi sa pamamagitan ng gawaing pangmisyong lokal (“mission work”). Bago siya dumating noong taong 1590, nagsisilbi ang mga paring Heswita sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang mga misyon sa iba’t ibang bayan (“mission tours”) tulad ng kanilang sistema ng paglilingkod sa Europa. Hindi sila “resident missionaries” o mga misyonerong nakatalaga sa mga espesipikong lugar. Subalit, sa simula pa lamang, natanto na ng mga paring Heswita na hindi praktikal ang kanilang nakagawiang sistema, dahil sa mga kondisyon sa Pilipinas—magkakalayong pamayanan at mga bayan na hinahati ng mga bundok at ilog na nagpapahirap sa patuloy at regular na paglalakbay ng mga misyonero. Dahil dito, humingi sila ng pahintulot na magkaroon ng “mission stations” tulad ng ibang mga relihiyosong orden. Pinahintulutan sila ng kanilang Superyor Heneral, Padre Claudio Aquaviva, subalit tatagal lamang ng dalawa hanggang tatlong taon ang pahintulot. Dala ni Chirino ang patunay ng pahintulot na ito sa kaniyang pagdaong sa Maynila. Kung gayon, maaaring ipagpalagay na labis na mahalaga para kay Chirino na maging epektibo ang mga lokal na misyon na kanilang hiningan ng pahintulot. Napakahalaga para sa kaniya na itala ang mga patunay na nagiging maunlad ang mga misyon at mabisa ang gawain ng mga misyonero. Mangyari pa, ang pag-uulat ng mga dumaraming katutubong nagbabagong-loob, nagpapabinyag, at gumagaling sa kamay ng makapangyaring Diyos ng mga Kristiyano ay pag-uulat na magpapatibay na maunlad ang mga misyon ng mga Heswita.

Ikalawa, pari at misyonero si Chirino. Ang kaniyang *Relación* ay hindi nasusulat sa estilo ng mga historyador dahil lagi at lagi niyang gamit o “suot” ang lente ng pari o relihiyoso at puspos ang kaniyang puso at isipan ng nag-aalab na diwa ng pagiging misyonero. Bilang isang taong naglilingkod sa mga misyon, hindi kataka-taka na nakasentro ang kaniyang mga ulat sa kapangyarihan ng maawaing Diyos at paglalarawan ng paglaganap ng Kristiyanismo. Hindi tulad ni Alcina na nagtangkang magsulat ng likas na kasaysayan (“natural history”) na halos humantong sa isang pag-aaral na etnograpiko, tinutukan ni Chirino ang mga gawaing pastoral lamang—mga pagbibinyag, edukasyong relihiyoso, at pagsasagawa ng iba pang sakramento.

Ikatlo, bago pa bumalik si Chirino sa Roma noong 1604, malaon nang hinihiling ng mga Heswita sa Pilipinas ang pagtatatag ng bise-probinsiya (“vice-province”) ng Pilipinas na noo’y nakasalig sa probinsiya ng Mexico, bilang hiwalay at bagong probinsiya

ng Kapisanan ni Hesus. Inilalarawan ni de la Costa ang pakikipag-usap ni Chirino kay Acquaviva noong 1604 sa Roma hinggil sa isyung ito:

Needless to say, the request for an independent province was high in the list of petitions which he presented to Acquaviva. This time, the general permitted himself to be convinced. The detailed reports which Chirino submitted both verbally and in writing showed that the vice-province had the financial resources to support the increased personnel of a province, and the facilities at Manila to give a proper intellectual and religious formation both to novices locally recruited and scholastics who might be sent there from Europe and America. The missions were in a flourishing state, they were being administered with little or no help from Mexico, and there was ample room for expansion. In fact, so pleased was Acquaviva with Chirino's account of what the Philippine Jesuits were doing that he had him put it all down in writing for publication. It came out that same year, 1604... (222)

Noong Pebrero 1605, natanggap ni Padre Gregorio Lopez, bise-probinsiyal ng mga Heswita sa Pilipinas ang anunsiyo na matapos ang matagal na paghihintay, itinatag nang hiwalay na Probinsiya ng Kapisanan ni Hesus ang misyon sa Pilipinas.

Batay sa mga panloob (“internal”) na hidwaan, kahirapan, at hamon na kinaharap ng mga Heswita sa Pilipinas noong ika-16 hanggang ika-17 siglo, maaaring isipin na ang pagbibigay-diin ni Chirino sa mga ulat hinggil sa mga milagro na umaakit sa parami nang paraming katutubo upang magbagong-loob ay bunsod din ng paghahangad ng mga Heswita sa Pilipinas na magkaroon ng independienteng administrasyon ng mga sitio ng kanilang misyon sa Pilipinas. Bakit marubdob ang kanilang paghahangad? Ayon kay de la Costa, ang pagiging bise-probinsiya ng Pilipinas ay lumikha ng maraming suliranin sa mga Heswita noon. Hindi ito naging praktikal. Nakita ng mga paring Heswita na hindi mapamamahalaan nang mahusay ang mga pulo ng superyor na hindi Probinsiyal sapagkat limitado ang kaniyang kapangyarihan na magpasiya at kailangang kumunsulta pa sa Mexico, na napakalayo sa Pilipinas. Binabanggit din ni de la Costa na bilang bise-probinsiya kailangang magbigay ng kontribusyon ang Pilipinas sa probinsiya ng Mexico para sa taunang pagdalaw ng Probinsiyal sa Mexico sa sitio ng kaniyang mga misyon—pagdalaw na hindi naman umaabot sa Pilipinas. Bukod sa mga ito, may kalayaan din ang probinsiyal sa Mexico na panatilihin na lamang sa Mexico ang mga misyonerong mula sa Europa na dapat sana’y ipadadala sa Pilipinas (de la Costa 221-222). Karaniwang pinipili ng probinsiyal ang pinakamahuhusay na misyonero, pinaiiwan ang mga ito sa Mexico, at hindi ipinadadala sa Pilipinas kung saan sila higit na kailangan. Hindi ito makatarungan sa mga Heswita na nasa Pilipinas at nakapipinsala sa pag-unlad ng mga misyon. Dahil sa mga nabanggit na rason, masidhi ang naging paghahangad ng mga Heswita sa Pilipinas na ihiwalay ang Pilipinas sa misyon sa Mexico.

Kung gayon, maaaring sabihing kritikal ang ulat ni Chirino sa pasya ni Acquaviva hinggil sa mahalagang isyung administratibo at pinansiyal. Bagamat walang matibay na ebidensiya hinggil sa mga motibasyon ni Chirino hinggil sa pagpili niya ng isusulat sa kaniyang mga iuulat, posible kayang ginamit niya ang mga ulat upang makamit ang hinihiling na pagtatatag ng hiwalay na Probinsiya ng Kapisanan ni Hesus sa Pilipinas? Bagamat walang tiyak na patunay, hindi labis na lihis sa lohika na ipagpalagay na kung hindi man ipinagtapat ni Chirino ang lahat-lahat ng mga salik at pangyayari sa misyon, bagkus kaniyang iniulat lamang ang mga milagrosong paggaling at pagbabagong-loob,

hindi rin siya masisis dahil malinaw ang kanilang prayoridad na patunayan sa kanilang Superyor Heneral na tunay ngang maunlad at mabunga (“flourishing”) ang misyon sa Pilipinas.

## Kongklusyon

Laging mabungang gawain ang pagsusuri sa mga tala ng mga dayuhan hinggil sa sariling bayan. Nagdudulot ang gawaing ito ng higit na malawak na pag-unawa sa mga bagay na inilalantad at inililihim ng mga: (1) realidad na nakikita ng mga dayuhan at (2) dahilan ng pag-uulat o hindi pag-uulat ng mga impormasyon. Sa pag-aaral na ito, tinalakay ang ibang posibleng dahilan ng paggaling ng mga katutubo bukod sa kapangyarihan ng Diyos at hiwagang dulot ng banal na tubig. Tinukoy ang katutubong kultura at paggamit ng halamang-gamot bilang mga salik na posibleng tumulong sa pagpapabuti ng pakiramdam ng mga maysakit. Sinikap ding suriin sa pag-aaral na ito ang mga posibleng motibo ng tagapagtala at mananalaysay na si Chirino sa paggamit ng “wika ng himala” sa kaniyang mga salaysay.

Sa pambungad na kaniyang isinulat sa *Relación de las Islas Filipinas* na kaniyang isinalin bilang “The Philippines in 1600,” binabanggit ni Ramon Echevarria ang sumusunod:

The conquest of the Philippines was essentially a spiritual, not a military conquest, and conversion to Christianity was the leaven that set off the almost simultaneous ferment of cultural conversion. Those early missionaries, impelled by an apostolic zeal that could only have been generated in Spain’s great age of faith, plunged into the newly opened territories like the Lord’s own supersalesmen, sworn to conquer this new land for the faith. Unarmed and unescorted they ventured out to island after island, village after village, undeterred by dangers or difficulties, preaching the gospel to the astonished natives in their own native tongue. And whether by divine Providence or by sheer human empathy their religious enthusiasm transmitted itself to their listeners and evoked an equally enthusiastic response. (xi)

Pinagtutuonan ng pansin sa pag-aaral na ito ang relihiyosong pakikibaka, at nakasentro ang pagsusuri ng pag-aaral sa mga milagrosong pagbibinyag batay sa mga tala ni Chirino. Walang lubos na katiyakan na bunga ng kapangyarihan ng Diyos ang pananampalataya ng mga Pilipino. Wala ring katiyakan na kagandahang-loob lamang at pakikiramay ang dahilan ng pagbabagong-loob. Ang isinulat ni Chirino ay yaong katotohanan sa paraang nasaksihan niya. Hindi man kumpleto ang mga detalye, maituturing pa rin itong katotohanan ayon sa kaniyang pananaw. Para sa mambabasang may Katoliko o Kristiyanong pananampalataya, hindi gamot ang papel na ito na nakapagpapahina ng paniniwala. Bagkus, hinahangad ng pag-aaral na makapaglatag ng higit na malawak na konteksto upang unawain ang pananampalataya, o higit na mahalaga, pagtibayin pang higit ang paniniwala sa pag-unawa.



## Mga Sanggunian

- Alcina, Ignacio Francisco. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands*. Vol. 2, UST Publishing House, 2002.
- Careri, Giovanni Francesco Gemelli. *A Voyage to the Philippines*. Filipiniana Book Guild, 1963.
- Chirino, Pedro. *Relación de las Islas Filipinas: The Philippines in 1600*. Historical Conservation Society, 1969.
- De la Costa, Horacio. *The Jesuits in the Philippines*. Harvard UP, 1961.
- De Morga, Antonio. *Historical Events of the Philippine Islands*. Jose Rizal National Centennial Commission, 1962.
- Echevarria, Ramon. Introduction. *Relación de las Islas Filipinas/The Philippines in 1600*. Historical Conservation Society, 1969.
- Gowing, Peter. *Islands Under the Cross: The Story of the Church in the Philippines*. National Council of Churches in the Philippines, 1967.
- Hernandez, Policarpio. *The Augustinians in the Philippines*. Colegio San Agustin-Makati, 1998.
- O'Malley, John, et al., editors. *The Jesuits: Cultures, Sciences and the Arts*. U of Toronto P, 1999.
- Peralta, Jesus T., editor. *Reflections on Philippine Culture and Society: Festschrift in Honor of William Henry Scott*. Ateneo de Manila UP, 2001.
- Phelan, John Leddy. "Prebaptismal Instruction and the Administration of Baptism in the Philippines during the Sixteenth Century." *Studies in Philippine Church History*, inedit ni Gerald H. Anderson, Cornell UP, 1969.
- . *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aims and Filipino Responses 1565-1700*. U of Wisconsin P, 1959.
- Pigafetta, Antonio. *First Voyage Around the World*. Filipiniana Book Guild, 1969.
- Reyes Churchill, Bernardita, editor. *Selected Papers of the Annual Conferences of the Manila Studies Association 1989-1993*. Manila Studies Association / Philippine National Historical Society / National Commission for Culture and the Arts, 1994.
- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Ateneo de Manila UP, 1994.